papel ng impormasyon

Ang Programang PPA

- Tinutulungan ang mga pasyenteng nangangailangan na walang seguro para sa inireresetang gamot na makahanap ng mga paraan upang makagamit ng mga inireresetang gamot.
- Nag-aalay ng nag-iisang punto ng daan sa paggamit sa 475 pampubliko at pribadong programang tulong sa pasyente, kabilang ang higit sa 180 programang iniaalay ng mga kompanya ng gamot. Maraming pasyente na maaaring maging kuwalipikadong kumuha ng mga inireresetang gamot nang libre o halos libre.
- Nagkakaloob ng tulong sa higit sa 2,500 gamot na may kilalang tatak-pangkalakal, at sa maraming nagtataglay ng pangalang panlahat.
- Tumutulong sa mga pasyente na makipag-ugnayan sa mga programa ng pamahalaan tulad ng Medicaid, Medicare at SCHIP.
- Inaalalayan ang mga benepisyaryo ng Medicare sa impormasyon tungkol sa Medicare Prescription Drug Benefit.
- Ang mga kompanya ng gamot sa Amerika ay sumusuporta sa muling pag-aawtorisa ng State Children's Health Insurance Plan (SCHIP) at higit sa 40 ng mga programang tulong na nakapokus sa mga pangangailangan ng mga bata ng gamot at pangangalagang pangkalusugan.
- Ipinagbibigay-alam sa mga pasyente ang tungkol sa mga libreng klinika ng pangangalagang pangkalusugan sa kanilang mga komunidad.

Tumutulong sa Milyun-milyong Pasyente

- Mula nang ilunsad noong Abril 2005, ang Partnership for Prescription Assistance (PPA) ay tumulong na ikonekta ang halos apat na milyong tao sa mga programang tulong sa pasyente na nagkakaloob ng libre o halos libreng inireresetang gamot.
- Ang mga pasyente ay tumulong sa pamamagitan ng PPA na sumama sa milyun-milyong ibang mga pasyente na nakipag-ugnayan sa mga programa ng indibidwal na kompanya nang tuwiran sa maraming taon.

Ang mga Kasangga

- Ang mga kompanya ng pananaliksik ng gamot ng Amerika ay nagtatrabahong kasama ng mga doktor, parmasyutiko, ibang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, mga organisasyong nagtataguyod ng pasyente at mga grupong pangkomunidad.
- Higit sa 1,300 nangungunang pambansa, pang-estado at lokal na organisasyon ang sumama sa PPA.
- Ang mga grupo sa likod ng PPA ay kabilang ang pinakamalaki at pinakamaimpluwensiyang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.
- Kabilang sa mga grupo ang American Academy of Family Physicians, American Cancer Society, American College of Emergency Physicians, Easter Seals, National Association of Chain Drug Stores, United Way at ang Urban League.

Pambansang Pakikipag-ugnayan

- Inilunsad ng PPA ang mga nakabase-sa-estadong balangay sa lahat ng 50 estado, Washington, DC at Puerto Rico.
- Ang PPA ay may dalawang "Ekspres na ang Tulong ay Narito" na bus na naglalakbay sa buong bansa, tumitigil sa lahat ng 50 estado at higit sa 1,200 lungsod upang edukahan ang mga pasyenteng maliit ang kita, walang-seguro at kulang ang seguro tungkol sa mga programang tulong na gamot.
- Si Montel Williams ay sumapi bilang pambansang tagapagsalita ng PPA noong Enero 2006.
- Si Mayte Prida ay piniling tagapagsalita ng PPA para sa mga pasisikap na pakikipag-ugnayan ng Hispaniko noong Hunyo 2006.

- Si Montel Williams at Mayte Prida ay parehong lumahok sa mga ginaganap ng “Ekspres na ang Tulong ay Narito” sa lahat ng dako ng bansa at lumitaw rin sa mga kampanyang anunsiyo ng PPA at mga pahayag na pampublikong serbisyo.

Lugar sa Web

- Ang madaling gamitin na lugar sa Web (**www.pparx.org**) ay nagbibigay ng kakayahan sa mga pasyente na humanap ng mga programa na maaaring karapat-dapat sila.
- The Ang PPA ay naglaan ng isang lugar sa Web upang gawing mas madali para sa mga pasyente na malaman ang tungkol sa tulong na makukuha para sa mga bata, (**http://kids.pparx.org**).
- Ang mga pasyente ay maaaring mag-download at mag-print kaagad ng mga aplikasyon.

Walang-Bayad na Numero ng Telepono

- Ang mga pasyente ay maaaring tumawag ng walang-bayad (**1-888-4PPA-NOW**) upang makipag-usap sa isang sinanay na espesyalista na papatnubay sa kanila sa proseso ng aplikasyon.
- Ang sentro ng tawag ay tumatanggap ng mga tawag sa Ingles, Espanyol at humigit-kumulang na 150 ibang mga wika.